



Nagoya International Center

Summer Nihonggo Class para sa mga Bata

Tuturuuan ng mga boluntaryang guro ang mga bata ng wikang Hapones na kakailanganin nila sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay at sa kanilang pagpasok sa paaralan.



Mga pwedeng lumahok: Mga batang angkop sa kahit isa mula sa mga nakalista sa ibaba.

- ① Para sa mga batang may 6–15 taong gulang na hindi pangunahing wika ang nihonggo. Mga batang sakop ng programa: **Mga batang ipinanganak mula Abril 2, 2007 hanggang Abril 1, 2016.**
 - ② Mga batang ipinanganak bago mag-Abril 2, 2007, kasalukuyang nag-aaral sa Junior High School.
- ※ Subalit, ang mga batang nasa Junior High School Evening Class ay mapapabilang sa NIC Nihonggo Class para sa mga Kabataan na High School.
 - ※ Sa mga taong naninirahan sa lungsod ng Nagoya, bibigyan ng prayoridad ang mga pumapasok sa public elementary at jr. high school sa loob ng lungsod ng Nagoya.

Petsa at Oras: Tuwing Miyerkules at Linggo, mula sa ika-24 ng Hulyo (Linggo) hanggang sa ika-31 ng Agosto (Miyerkules), 2022 at mula 10:00 ~ 11:30 a.m. May kabuuan ng 10 beses

※Subalit walang pasok sa ika-14 (Linggo), ika-21 (Linggo), ng Agosto.

Lugar: Nagoya International Center 3rd Floor Training Room 1, 2 ; 5th Floor Japanese-style Room

Bayad: 1000yen (10 beses lahat) **Bilang ng batang tatanggapin:** 40 katao (First come, first served)

Aplikasyon: Mag apply mula sa application form mula sa website.

URL: <https://www.nic-nagoya.or.jp/filipino/news-events/event/2022/07171348.html>

- Para sa mga mag-aaral na nasa pampublikong elementarya at junior high sa lungsod ng Nagoya at sa mga nagbabalak na pumasok sa paaralan at sa mga naninirahan dito.

Hulyo 5, 2022 (Martes) mula 10:00 a.m.~Hulyo 15, 2022 (Biyernes)17:00 p.m..

- Petsa at oras ng panayam: Hulyo 17,2022 (Linggo) mula 12:30 p.m.
- Lugar ng panayam: Nagoya International Center 4F, Lecture Room 3

- Para sa ibang aplikante, maliban sa nabanggit sa itaas (kung sakaling mayroong bakante lamang ※Sa mga taong naninirahan sa lungsod ng Nagoya, bibigyan ng prayoridad ang mga pumapasok sa public elementary at jr. high school sa loob ng lungsod ng Nagoya.)

Hulyo 19, 2022 (Martes) hanggang 10:00 a.m.~Hulyo 22, 2022 (Biyernes)17:00 p.m.

※Mangyaring punan ang application form mula sa WEB kasama ang mga magulang.

※Maaaring tumawag sa telepono ang mga nahihirapan sa aplikasyon gamit ang website.

Upang makaiwas sa paglaganap ng impeksyon ng bagong uri ng Corona virus, ay magkakaroon ng pagbabago sa pagbubukas ng klase. Tiyakin ang detalye sa website ng Nagoya International Center (NIC).




Supported by the Nagoya Board of Education

Tiyakin ang pagtupad ng mga sumusunod para sa prebensyon ng pagkalat ng COVID-19.

Harap

- 1) Mangyaring maghugas ng kamay • magmumog ng regular. Tiyakin ang paggamit ng mask sa loob ng classroom.
- 2) Sa nakaraang 2 linggo, ang mga nilagnat o nagpagamot dahil sa nakakahawang impeksiyon, kasalukuyang umiinom ng gamot ay ipinapakiusap na huwag na munang dumalo. Gayundin naman, ang mga taong nagtungo sa ibang bansa ng nakaraang 2 linggo at mga taong nakahalubilo nito.
- 3) Bago magtungo sa venue, sukatin ang body temperature sa bahay. Kung may lagnat (mas mataas sa 37.5 °C o mataas kahit 1°C sa inyong regular na body temperature), nahihirapang huminga, masakit ang lalamunan, may ubo, o mabigat ang pakiramdam, ay mangyari lamang na huwag na munang dumalo.
- 4) Iwasan ang pag-uusap sa malakas na boses, pagkain sa pampublikong espasyo sa loob ng establisimiyento at lugar na mataas ang risk ng pagkahawa ng impeksiyon. (Maaaring uminom upang mapanatili ang maayos na kondisyon ng pangangatawan.)
- 5) Hinihingi ang kooperasyon sa pagkuha ng body temperature, pagbibigay ng contact numbers at paraan ng komunikasyon na magiging basehan upang ang Contact Tracing sa oras na makitang paglaganap ng impeksiyon.
- 6) Kung napatunayang nagkaroon ng pagkalat ng impeksiyon, ipinapakiusap ang kooperasyon sa Contact Tracing na isasagawa ng Health Center. Kung kayo ay may direct contact sa taong naimpeksiyon, sundin ang ipag-uutos ng Health Center.



Dalhin sa oras ng interview.

Kung naiintindihan at pumapayag kayo sa mga nakasulat at pinapayagan ang inyong anak na pumasok sa NIC Nihonggo Class para sa mga Bata, pumirma lamang po ang magulang.

Pangalan ng bata: _____

Lagda ng Magulang: _____

Para sa mga Magulang/ Tagapangalaga ng bata

Basahin po muna bago mag-apply:


Ang layunin ng kursong ito ay turuan ang mga bata ng wikang Hapones sa kanilang pangangailangan sa pamumuhay at sa paaralan. Hindi upang tumaas ang grado ng inyong mga anak sa paaralan.

NIC Nihonggo Class para sa mga Bata Mga bagay na dapat tandaan

- ☆ Sa araw ng interview・pagbabayad, samahan ang bata sa venue. Ngunit, upang maiwasan ang pagtitipon ng maraming tao, 1 tao lamang ang maaaring sumama sa bata.
- ☆ Padalhin ng inumin ang inyong anak..
- ☆ Ang Paghatid/Pagsundo sa mga bata ay responsibilidad ng mga magulang. Hindi responsibilidad ng Nagoya International Center kung anumang aksidente ang mangyayari.
- ☆ Kapag may bagyo o anumang kalamidad, maaaring makansela ang mga klase. Kayo ay makakatanggap ng mail mula sa Nagoya International Center.

Para sa katanungan, makipag-ugnayan sa
Nagoya International Center (NIC)
Exchange and Cooperation Division

Sarado tuwing Lunes
TEL(052)581-5689
FAX (052)581-5629
e-mail: vol@nic-nagoya.or.jp



Likod

学校の先生方へ（お願い）

この教室は、名古屋国際センターが名古屋市の指定管理事業として実施する事業で、日本語を母語としない子どもたちが学校での生活を心配なく送ることができるよう日本語の学習を支援しています。学習者を受け入れるにあたり、一人ひとりの日本語力や課題を知るために、先生方のご意見・ご助言をお願いします。


学習者のできること、課題について、先生のご所見を保護者の了解をとったうえでご記入頂ければ幸いです。

※ご記入頂いた内容は事業以外の目的には使用しません。

Pakiusap sa Guro ng Paaralan:

Bilang isang organisasyon na namamahala ng mga gawaing pang-international ng Lungsod ng Nagoya, ang Nagoya International Center ay magkakaroon ng nihonggo class para sa mga bata na ang pangunahing wika ay hindi wikang Hapon. Layunin ng klaseng ito ay mapaunlad ang mga kakayahan ng mga bata sa wikang Hapon para sa kanilang pag-aaral at sa pang araw-araw na gawain. Sa proseso ng aplikasyon, aming susuriin ang kasalukuyang kakayahan sa wikang Hapon ng bawat bata. Upang malaman ito, aming tatanungin ang kanilang sariling guro para sa kanilang mga opinyon at payo. Siguraduhin na nabigyan ng pahintulot ng mga magulang bago ipasulat sa guro ang kanilang opinyon tungkol sa kakayahan ng bata sa wikang Hapon.

※ Hindi layunin na gamitin ang nilalaman ng nakasulat dito maliban sa klase.



学校名

先生のお名前